



O Sugo ni Allah,Sa Ama ko,Ikaw At sa Ina ko,Nakikita ko ang pagtahimik mo sa pagitan ng pagbibigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa: Ano ang sinasabi mo?Nagsabi siya: Sinasabi kong:O Allah,ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahilintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran.O Allah! Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala,kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi,O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig,at yelo

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Siya ay nagsabi:Ang Sugo ni Allah-pagpaalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag siya ay Nagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] sa pagdarasal,tumatahimik siya ng panandalian,bago siya magbasa,Nagsabi siya: O Sugo ni Allah,Sa Ama ko,Ikaw At sa Ina ko,Nakikita ko ang pagtahimik mo sa pagitan ng pagbibigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa: Ano ang sinasabi mo?Nagsabi siya: Sinasabi kong:O Allah,ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahilintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran.O Allah! Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala,kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi,O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig,at yelo

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta-pagaalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag siya ang nagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] sa pagdarasal nang Takbiratil Ihram,Hinihinaan niya ang boses niya sa maikling oras bago niya basahin ang Al-Fatihah.At ang mga kasamahan ng Propeta ay nalalaman nila mayroon siya siyang sinasabi sa pagtahimik [niyang ito],Ito ay dahil sa ang lahat ng pagdarasal ay pag-aalaala,walang pagtahimik rito na hindi naririnig,O mula sa mga galaw ng Propeta-pagpaalain siya ni Allah at pangalagaan-nalalaman nilang siya [sa mga sandaling ito] ay nagbabasa.At dahil sa pagsusumikap ni Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-sa kaalaman at Sunnah,Nagsabi siya:Isasakripisyo ko sa iyo O Sugo ni Allah,ang ama ko at ina ko,Ano ang sinasabi mo sa pagtahimik na ito,sa pagitan ng pagbigkas ng Takbir [Allahu Akbar] at pagbabasa? Nagsabi siya: Sinasabi kong: " O Allah,ilayo Mo ako mula sa aking pagkakasala kahalintulad ng paglayo Mo sa pagitan ng Silangan at Kanluran.O Allah!

Dalisayin ako mula sa aking pagkakasala,kahalintulad ng pagdalisay mula sa isang maputing tela mula sa dumi,O Allah! Linisin ang aking mga pagkakasala ng nyebe tubig,at yelo." At ito ay panalangin sa ganap na pagkakataon,sa Marangal na kinatatayuan ito,sa kinatatayuang panalangin,Dahil ang nagdarasal ay humaharap kay Allah-Pagkataas-taas Niya-upang burahin ang mga kasalanan niya,at upang ilayo siya sa pagitan niya at pagitan nito nang layong,hindi na niya ito makakatagpo.Tulad ng hindi pagkakatatagpo sa pagitan ng Silangan at Kanluran ,magpakailanman,At ang tanggalin sa kanya ang mga kasalanan at kamalian at dalisayin ito sa kanya,kahalintulad ng pagtanggal sa dumi mula sa puting tela,At ang linisin sa kanya ang mga kasalanan niya,at palamigin sa naglalagablab nito at init nito,-sa pamamagitan ng mga lamig na ito;Ang tubig,neyebe at yelo,Ang mga ito ay paghahalintulad sa ganap na mga halimbawa.At sa pamamagitan ng panalanging ito,matatanggal sa kanya ang mga bakas ng mga kasalanan,tatayo siya sa harapan ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan,sa pinaka ganap na kalagayan,At ang pinaakamainam ay gawin ng tao ang lahat ng tumpak na pambungad na naisalaysay.Gawin niya ito minsan ,at gawin niya [ang iba] minsan,Kahit pa ang Hadith na ito ni Abe Hurayrah ang siyang pinakatumpak nito.Si Allah ang higit na nakaka-alam.

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3104>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

